**CREATIVE MINDS** Christian Learning School

*12 Menandro St., Pamplona 1, Las Pinas City 1740*

SY 2022-2023

LAGUMANG PAGSUSULIT 3.1

sa FILIPINO 6

Pangalan:_____________________________________________ Iskor: ______________

Baitang/Pangkat:_______________________________________Guro: Bb. Chriseila B. Aleno

I. Basahin ang maikling kuwento.

**Eid-ul-Fitr**

Islam ang relihiyon ng mga Muslim. Hango sa mga salitang "pagsuko sa Diyos" ang Islam. Itinuturing nila na sumuko sila sa kapangyarihan ng Diyos. Si Allah ang kinikilala nilang panginoon. Ang banal na aklat ng Koran ang gabay nila sa pamumuhay. Ginugunita nila sa Koran ang rebelasyon kay Mohammed na isang propeta ng Islam. Isang pagdiriwang ng mga Muslim ang Eid-ul-Fitr na isang uri ng pagpapahayag ng pasasalamat. Ang Eid ay isang salitang Arabo na nangangahulugang pagdiriwang samantalang ang Fitr naman ay may pakahulugang wakas ng pag-aayuno. Kaya't ang Eid-ul-Fitr ang tanda ng wakas ng halos isang buwang pag-aayuno nila sa panahon ng Ramadan. Nagsisimula ang Eid-ul-Fitr sa paggising sa mga Muslim gamit ang malalakas na tambol. Nagbibihis sila ng magagarang kasuotan. Nagsusuot ng mahabang belo sa mukha ang mga babaeng Muslim. Tinutungo nila ang mosque upang doon manalangin. Habang nagdarasal ay sinasambit nila ang "Allahu Akbar" na may kahulugang "Dakila si Allah". Sa pagdiriwang na ito ay samasama ang mga Muslim sa buong mundo na tunguhin ang pagkaka-isa.

Sagutan ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang Eid-ul-Fitr? ________________________________________________

2. Bakit kaya mahalaga ang pagdiriwang ng Eid-ul-Fitr at Ramadan para sa mga Muslim?

_______________________________________________________________

3. Ano ang Kahulugan ng Eid-ul-Fitr? ______________________________

_______________________________________________________________

II. Piliin ang kasingkahulugan ng ating Salitang may salungguhit.

4. <u>Kahawig</u> ng mga karamihang Pilipino ang mga Malay.

A. kamukha B. kapatid C. kaibigan

5.<u>Magiting</u> ang mga sundalong handang ialay ang kanilang buhay para sa bayan.

A. matibay B. matapang C. pabida

6. Narinig ko ang <u>nanangis</u> na tinig ng kapatid niya ng malaman ang balitang pumanaw ang kanyang kapatid.

A. ingay B. nagdadalamhati C. nagagalit

III. Ikahon ang pang-abay sa sumusunod na pangungusap.



LIVEWORKSHEETS

7. Masiglang ipinaliwanag ng guro ang kanilang Aralin para sa araw na iyon.

8.Hindi mahirap ang gawain kung magtutulungan.

9. Taos-puso ang kaniyang pasasalamat dahil ibinalik nito ang kanyang bag.

10. Ang nangyari ay sadyang mahirap paniwalaan.

IV. Tukuying ang salitang may salungguhit kung ito ay pang-abay o pang-uri.Isulat ang PA kung ito ay pang-abay at PU kung ito naman ay pang-uri.

_________11. Malakas umiyak ang bata.

________ 12. Matapang na pulis ang kaniyang tatay.

________ 13. Tunay na mapagbiro ang kaibigan niyang si Xander.

________ 14. Nakawiwiling panoorin ang mga epikong isinapelikula.

________ 15. Ang namumuno sa kanilang lugar ay ang matalinong hari.

V. Ibigay ang ibat-ibang uri ng pang-abay.Isulat ang mga ito sa patlang.

16.________________________________ 18. ________________________________

17.________________________________ 19. ________________________________

VI. Tukuyin kung anong uri ng pang-abay ang naka*highlight* na salita.Isulat ang **Pamaraan**,**Pamanahon** ,**Panlunan** o **Ingklitik**.

____________________20. Tumakbo ng **matulin** si Franko upang hindi mahuli sa klase.

____________________21. **Dahang-dahan** binuksan ni Anna ang kahon ng regalo na ibinigay ng kaibigan noong pasko.

____________________ 22. Ang mga ninuno **daw** nila ay madalas na nananalo sa Paligsahan ng pagtakbo.

____________________ 23. **Taun-taon** ay nagpapaliga ng basketball ang kanilang kapitan.

____________________ 24. Mula **ngayon** ay dito ka na maninirahan sa amin.

____________________ 25. Pupunta ako sa **dalampasigan** upang kumuha ng mga kabibe.

Where Fun and Learning never ends!
"Train up a child in the way he should go, and when he was old, he will not depart from it." Proverbs 22:6
LIVEWORKSHEETS